What do I need to know if my child gets a formal caution?

Parent/carer information

# Ano ang dapat kong malaman kung ang aking anak ay nakatanggap ng pormal na babala?

## Impormasyon para sa magulang/tagapag-alaga

### Ano ang isang pormal na babala sa isang nakakabahalang pag-uugali?

Ang nakakabahalang pag-uugali ay ang ginawa ng isang tao na maaaring magiging o naging sanhi ng pagkapinsala o kapahamakan sa kanyang sarili o sa ibang mga tao. Ang pormal na babala ay nagsasabi sa isang estudyante na ang kanilang pag-uugali ay maaaring magiging o naging sanhi ng pagkapinsala o kapahamakan sa kanilang sarili o sa ibang mga tao o nagbibigay ng hindi kanais-nais na panganib sa pagtuturo o pagkakatuto. Ito ay dinisenyo upang ipaalam sa iyo at sa iyong anak na ang kanilang pag-uugali ay kailangang maging mas mabuti.

Ang pormal na babala ay isang sulat kung saan nakatala ang nakakabahalang pag-uugali ng iyong anak. Hindi pa masususpinde ang iyong anak, ngayon

### Ano ang mangyayari kung ang aking anak ay makatanggap ng isang pormal na babala?

Pag-uusapan niyo ng paaralan ang nakababahalang pag-uugali at ipapaliwanag ang pormal na babala para sa iyong anak. Bibigyan ka pa ng prinsipal ng isang nakasulat na kopya ng pormal na babala.

Ang layunin ng pormal na babala ay mabigyan ka at ang iyong anak ng panahon na maintindihan ang epekto ng kanilang pag-uugali at sasang-ayon sa isang pangsuportang plano na gagawa ng mga istratehika na pansuporta sa positibong pag-uugali. Ang paaralan ay magbibigay sa iyo at sa iyong anak ng pagkakataong makipagpulong sa kanila upang mapag-usapan ang pag-uugali at makapagplano o magrepaso sa mga suportang kailangan ng iyong anak.

Maaari kang magsama ng isang pansuportang tao sa anumang pagpupulong sa paaralan.

Ang pormal na babala ay nakapataw hanggang 50 araw na may klase. Sa loob ng panahong ito, ang iyong anak ay maaaring masuspinde kung maulit ang pag-uugali o dahil sa iba pang pag-aalala sa pag-uugali.

### Ano ang iyong gagawin kung nakatanggap ang iyong anak ng pormal na babala?

Karamihan sa mga bata ay kung minsan gumagawa ng mga bagay na sablay sa mga tuntunin o Kodigo ng Pag-uugali ng mga Estudyante. Kung minsan, kapag nangyari ito, isang pormal na babala ang ibibigay. May mga karagdagang impormasyon na makukuha kung ano ang gagawin kung ang iyong anak ay nagkakaproblema sa paaralan.

Kung ang iyong anak ay nakatanggap ng isang pormal na babala, nangangahulugan na mayroon siyang pag-uugali na kailangang bigyang pansin. Ang iyong pakikipagtulungan sa paaralan ay napakamahalaga sa pamamahalala sa pag-uugali ng iyong anak at ang makakasamang pagbubuo ng mga solusyon para dito. Makipag-usap sa prinsipal ng paaralan tungkol dito at makipagtulungan sa pangkat na sumusuporta sa iyong anak na makagawa ng mga solusyon.

### Ano ang mangyayari kung maulit ang pag-uugali?

Kung maulit ang nakakabahalang pag-uugali sa loob ng 50 araw na may klase habang may orihinal na pormal na babala, ang prinsipal ay maaaring magpasya na suspindehin ang iyong anak. Ang desisyon ng pagsuspinde sa iyong anak ay mangyayari lamang pagkatapos matingnan ng prinsipal ang pag-uugali, at ang mga indibidwal na pangangailangan ng iyong anak at mga ibang bata. May makukuhang impormasyon tungkol sa pagsususpinde ng estudyante.

### Ano ang aking gagawin kung mayroon pa akong mga pag-aalala?

Kung mayroon kang mga pag-aalala tungkol sa pag-aaral, pag-uugali o kapakanan sa paaralan ng iyong anak, ang pinakamabuting pagsisimula ay kausapin mo ang kanyang guro, ang katulong o ang pangalawang prinsipal. Karamihan sa mga problema ay maaaring maresolba sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga taong nakakakilala sa iyong anak at ang sitwasyon.

Kung minsan ay maaaring kailangan mong makipag-usap sa iba pang tao. Ang iyong paaralan ay makapagbigay sa iyo ng impormasyon sa makokontak sa iyong lokal na opisina ng edukasyon na maaaring makatulong sa iyo. Pag-isipan din ang pakikipag-usap sa doktor ng iyong anak kung sa akala mo ay maaaring may mga pang-medikal na dahilan sa mga pinoproblema.

May karagdagang impormasyon tungkol sa pag-aadbokasiya para sa iyong anak, at ganoon din ang Karta sa Komunidad ng Paaralan na nagbabalangkas sa mga paraan ng pakikipag-usap sa mga paaralan.

### Ano ang mga impormasyon na makukuha ko mula sa paaralan?

Maaari kang humingi sa paaralan ng karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang nangyari at bakit. Dapat maipaliwanag ng paaralan sa iyo ang dahilan ng anumang desisyon, kung anong aksyon ang mangyayari at kung ano ang gagawin kung mayroon kang isyu.

### Ang serbisyo ng interpreter sa telepono

Kung gusto mong tawagan ang paaralan at kailangan mo ng tulong sa pag-Ingles, mangyaring tumawag sa serbisyo ng interpreter sa telepono sa 131 450. Sabihin sa kanila kung anong wika ang kailangan mo at makiusap sa opereytor na tawagan ang paaralan. Kukuha ang opereytor ng isang interpreter sa telepono upang tumulong sa iyong pakikipag-usap. Hindi ka pagbabayarin sa serbisyong ito.